

ABISO NG MGA KASANAYAN SA PAGKAPRIBADO

INILALARAWAN NG ABISONG ITO KUNG PAANONG MAAARING MAGAMIT AT MAISIWALAT ANG IMPORMASYONG MEDIKAL TUNGKOL SA INYO AT KUNG PAANO KAYO MAAARING MAKAKUHA NG AKSES SA IMPORMASYONG ITO. MANGYARING REPASUHING ITO NANG MABUTI.

Minamahal na Miyembro/Pasyente,

Ang impormasyon tungkol sa inyong kalusugan at pera ay pribado. Ang impormasyong ito ay tinatawag na pinoprotektahang impormasyon sa kalusugan (PHI). Sinasabi ng batas na dapat naming ligtas na itago ang ganitong uri ng impormasyon para sa aming mga miyembro at pasyente. Nangangahulugan iyon na kung kayo ay isang miyembro o pasyente sa ngayon o kung dati kayong miyembro o pasyente, ligtas ang inyong impormasyon.

Mangyaring hayaan kami na tumulong kung mayroon kayong mga tanong o alalahanin hinggil sa abisong ito o inyong mga karapatan sa pagkapribado.

Gumagalang,

Tanggapan ng Pagkapribado
(562) 677-2402

Ano ang Pinoprotektahang Impormasyon ng Kalusugan (PHI)

Ang PHI ay impormasyon na maaaring kumilala sa inyo at ito ay tungkol sa inyong kalusugan sa pisikal o pag-iisip. Maaari itong tungkol sa inyo sa nakaraan, ngayon mismo, o sa hinaharap. Maaari kaming mangolekta ng PHI tungkol sa inyo mula sa ibang mga tao o entidad. Maaaring kasama sa mga ito ang mga doktor, ospital, o ibang mga health plan o kompanya ng insurance.

Kailan Namin Hindi Kailangan ang Inyong Pag-OK

Paminsan-minsan, maaari naming gamitin at ibahagi ito nang wala ang inyong pag-OK. Ang ilang mga halimbawa kung paano natin maaaring gamitin o ibahagi ang inyong PHI:

Para sa inyong medikal na pangangalaga ("paggamot"):

- Para magbigay ng pangangalaga, gamot, at mga serbisyo na kailangan ninyo
- Para tulungan ang mga doktor, ospital at iba pa na makuha ninyo ang pangangalaga na kailangan ninyo

Upang bayaran ang inyong medikal na pangangalaga ("bayad"):

- Para maibahagi ang impormasyon sa mga doktor, klinika at iba pa na sumisingil sa amin para sa inyong pangangalaga
- Para kumuha ng bayad para sa medikal na pangangalaga na tinatanggap ninyo sa amin

Para sa mga dahilan ng negosyo ukol sa pangangalagang pangkalusugan (“mga operasyon ng pangangalagang pangkalusugan”):

- Para makahanap ng mga paraan para gawing mas mainam ang aming mga programa
- Para makatulong sa mga pagtutuos at mga programa sa pagpigil sa pandaraya at pang-aabuso
- Para tumulong sa pang-araw-araw na gawain

May iba pang mga paraan na magagawa namin o sinasabi ng batas na kailangan naming gamitin o ibahagi ang inyong PHI:

- Para matulungan ang pulis at iba pang tao na sumisiguro na susunod sa mga batas ang iba
- Para matulungan ang mga pampublikong opisyal sa kalusugan o ang FDA na mailayo ang mga tao sa pagkakasakit o pinsala
- Para mag-ulat ng pang-aabuso at pagpapabaya
- Para tulungan ang korte kapag hinihilingan kami
- Para sagutin ang mga legal na dokumento
- Para magbigay ng impormasyon sa mga ahensya ng pagsubaybay ng kalusugan para sa mga bagay tulad ng mga pagtutuos o eksamen
- Para magbigay ng impormasyon sa mga programa ng pamahalaan na nagpapakabo ng mga pampublikong benepisyo para sa mga bagay tulad ng pagpapatala o pag-alam kung kayo ay kuwalipikado
- Para tulungan ang mga coroner, medical examiner o direktor ng punerarya na makilala kayo at ang sanhi ng inyong pagkamatay
- Para tumulong kapag hinilingan kayong ibigay ang mga parte ng inyong katawan sa siyensya
- Para sa pananaliksik
- Para ilayo kayo o ang iba sa pagkakasakit o malubhang pinsala
- Para sa inyong paaralan kapag sinasabi ng batas na kailangan ninyo ng pruwera na kayo ay binakunahan

- Para tulungan ang mga tao na nakikipagtulungan para sa gobyerno sa mga tiyak na trabaho
- Para magbigay ng impormasyon sa kabayaran sa mga manggagawa kung magkakasakit kayo o mapipinsala sa trabaho
- Kapag sinasabi ng batas na kailangan naming gawin

Kailan Namin Kailangan ang Inyong Pag-OK

Sa karamihan ng mga kaso, dapat namin makuha ang inyong pag-OK nang nakasulat bago namin gamitin o ibahagi ang inyong PHI para sa lahat hindi kasama ang inyong pangangalaga, kabayaran, pang-araw-araw na negosyo, pananaliksik o iba pang bagay na nakalista sa ibaba. Kailangan naming makuha ang inyong nakasulat na pag-OK bago namin ibahagi ang mga tala ng psychotherapy mula sa inyong doktor tungkol sa inyo. Kukunin din namin ang inyong nakasulat na pag-OK bago namin ibenta ang inyong PHI o gamitin o ibahagi ito para sa marketing.

Maaari ninyong sabihin sa amin nang nakasulat na gusto ninyong bawiin ang inyong nakasulat na pag-OK. Hindi namin maaaring ibalik kung ano ang ginamit namin o ibinahagi nang nakuha namin ang inyong pag-OK. Ngunit ititigil namin ang paggamit o pagbahagi ng inyong PHI sa hinaharap.

Maaari naming ibahagi ang inyong PHI sa inyong pamilya o isang tao na pipiliin ninyo na tutulong o magbabayad para sa inyong pangangalagang pangkalusugan kung sasabihin ninyo sa amin na OK ito.

Ano ang Kailangan Naming Gawin?

Dapat naming sabihin sa inyo kung ano ang sinasabi ng batas na kailangan naming gawin tungkol sa pagkapribado. Kung sinasabi ng batas ng estado na kailangan naming gumawa nang higit pa sa sinabi namin dito, susundin namin ang mga alituntuning iyon.

Dapat naming panatiliing pribado ang inyong PHI maliban sa sinabi namin sa abisong ito. Sinasabi sa inyo ng abisong ito kung sino ang maaaring tumingin sa inyong PHI. Sinasabi nito sa inyo kung kailan namin kailangang humingi ng pag-OK bago namin ibahagi ito. Sinasabi nito sa inyo kung kailan namin maaaring ibahagi ito nang wala ang inyong pag-OK. Sinasabi rin nito sa inyo kung anong mga karapatan ang mayroon kayo para makita at mabago ang inyong impormasyon. Dapat naming gawin kung ano ang sinasabi namin na gagawin namin sa abisong ito.

Maaari kaming gumawa ng mga pagbabago sa abisong ito o ang mga paraan na pinapanatili naming ligtas ang inyong PHI. Kung gagawa kami ng mga pagbabago, ipapaalam namin sa inyo. Maaari rin naming ipaalam sa inyo ang tungkol sa mga pagbabago sa isang newsletter. Maaari rin naming ipadala sa inyo ang isang bagong abiso. Ilalapat ang mga bagong pagbabago sa anumang PHI na mayroon na kami tungkol sa inyo. Ilalapat din ang mga pagbabago sa anumang PHI na maaari naming makuha sa hinaharap na tungkol sa inyo.

Paano Namin Pinoprotektahan ang Inyong PHI

Para maprotektahan ang PHI, ikinakandado namin ang mga tanggapan at file. Sinisira rin namin ang papel na may impormasyon ng kalusugan para hindi ito makuha ng iba.

Gumagamit kami ng mga password para ang mga nararapat na tao lamang ang makagagamit ng aming mga computer. Gumagamit din kami ng mga espesyal na programa para bantayan ang aming mga sistema.

Gumagawa kami ng mga alituntunin para sa pagpapanatiling ligtas ng inyong impormasyon. Ang mga tao na nagtatrabaho sa amin ay sinanay

na sundin ang mga alituntuning ito kapag ginagamit nila o ibinabahagi ang inyong PHI. Kung sa palagay namin nilabag ang inyong PHI, ipapaalam namin sa inyo.

Maaari Naming Kontakin Kayo

Maaari naming gamitin ang inyong PHI upang ipaalam sa inyo ang tungkol sa ibang mga benepisyo na mayroon sa inyo. Maaari rin naming ipaalam sa inyo ang tungkol sa mga produkto o serbisyo na may kaugnayan sa kalusugan na maaaring kapaki-pakinabang sa inyo. Lilimitahan namin kung paano namin gagamitin ang impormasyong ito.

Kami, kasama ng aming mga kaanib at/o tintero, ay maaaring tumawag o magtext sa anumang mga numero ng telepono na ibinigay ninyo sa amin, kasama ang numero ng selpon. Maaaring gawin namin ito gamit ang isang awtomatikong sistema ng pagdial sa telepono at/o isang mensahe na nairekord na. Nang walang limitasyon, ang mga tawag o text na ito ay maaaring tungkol sa mga opsiyon sa paggamot, ibang mga benepisyo at serbisyo na may kaugnayan sa kalusugan, pagpapatala, kabayaran, o paniningil.

Ano ang Inyong mga Karapatan?

Maaari ninyo kaming hilingan na huwag ibahagi ang inyong PHI. Ipadala ang inyong kahilingan nang nakasulat sa Tanggapan ng Pagkapribado. Kung ang pagbabahagi ng inyong PHI ay kinakailangan ng batas o para sa aming pang-araw-araw na trabaho hindi namin kayang tugunan ang inyong kahilingan.

Kung babayaran ninyo ang buong bayarin para sa isang serbisyo, maaari ninyong hilingan ang inyong doktor na huwag ibahagi ang impormasyon tungkol sa serbisyo sa inyong health plan.

Maaari ninyo kaming hilingan na ipadala ang inyong PHI sa ibang address bukod sa isa na mayroon kami sa inyo o sa ilang ibang paraan. Maaari naming gawin ito kung ang pagpapadala nito sa address na mayroon kami ay maaaring maglagay sa inyo sa panganib. Ipadala ang inyong kahilingan nang nakasulat sa Tanggapan ng Pagkapribado.

Maaari kayong humiling na tingnan ang inyong PHI at makakuha ng kopya nito. Para siyasin o kopyahin ang inyong PHI, dapat kayong magpadala ng isang nakasulat na kahilingan sa Tanggapan ng Pagkapribado. Kung may gastos sa inyong kahilingan ipapaalam namin sa inyo. Alinsunod sa batas, may ilang mga bahagi ng inyong rekord na hindi ninyo maaaring kayang makita.

Maaari ninyo kaming hilingan na baguhin ang medikal na rekord kung sa palagay ninyo ay may isang bagay na mali o kulang. Para gumawa ng pagbabago ipadala ang isang nakasulat na abiso sa Tanggapan ng Pagkapribado. Dapat ninyong isama ang dahilan kung bakit sa palagay ninyo ang inyong rekord ay dapat baguhin. Sa ilang mga kaso, maaari naming sabihing hindi sa inyong kahilingan.

Maaari ninyo kaming hilingan na sabihin sa inyo sa lahat ng pagkakataon sa nakaraang anim na taon na aming ibinahagi ang inyong PHI sa isa pang tao. Hindi kasama sa listahan ang mga pagkakataon na ibinahagi namin ito dahil sa pangangalagang pangkalusugan, kabayaran, pang-araw-araw na negosyo ng pangangalagang pangkalusugan o ilang ibang dahilan na hindi namin inilista dito.

Maaari kayong humiling ng papel na kopya ng abisong ito sa anumang oras, kahit na hiningi ninyo ang isang ito sa pamamagitan ng email.

Maaari kayong kumuha ng mga form para sa pagsusumite ng mga nakasulat na kahilingan mula sa aming Tanggapan ng Pagkapribado sa:

Tanggapan ng Pagkapribado
12900 Park Plaza Dr., Suite 150
Mail Stop CA4600-6170
Cerritos, CA 90703

O sa pamamagitan ng telepono sa:
(562) 677-2402

Ibang Mga Mahahalagang Karapatan at Impormasyon

Hindi namin maaaring gamitin o isiwalat ang inyong impormasyong hetetiko para:

- Mag-isyu ng insurance sa kalusugan
- Magdesisyon kung magkano ang sisingilin sa mga serbisyo
- Magtiyak ng mga benepisyo

Maaari kaming tumanggap ng impormasyon ukol sa lahi, etnisidad, at wika tungkol sa inyo. Pinoprotektahan namin ang impormasyong ito tulad ng inilarawan sa abisong ito.

Maaari kaming gumamit ng impormasyon ukol sa lahi, etnisidad, at wika para:

- Matiyak na makukuha ninyo ang pangangalaga na kailangan ninyo
- Lumikha ng mga programa para pahusayin ang mga kinahinatnan ng kalusugan
- Lumikha at magpadala ng impormasyon ukol sa edukasyon sa kalusugan
- Hayaan ang inyong mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan na malaman ang inyong mga pangangailangan sa wika
- Magbigay ng mga serbisyo sa pagsasalin sa inyo

Hindi namin ginagamit ang impormasyong ito para:

- Mag-isyu ng insurance sa kalusugan
- Magdesisyon kung magkano ang sisingilin sa mga serbisyo
- Magtiyak ng mga benepisyo

- Magsiwalat sa mga gumagamit na hindi aprubado

Kung kayo ay menor de edad at ibinigay ninyo ang inyong pag-OK sa inyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan upang gamutin kayo, maaari ninyong kontakin ang Tanggapan ng Pagkapribado kung gusto ninyong mapanatili ang akses o pagbabahagi ng inyong rekord na pribado.

Mga benepisyong sa pag-opera sa pagsasauli sa dati ng suso.

Ang mga benepisyong sa health plan ay sumusunod sa Women's Health and Cancer Rights Act ng 1998. Kung kailangan ninyo man ng mastectomy na saklaw ng benepisyong, umaasa kaming magbibigay ito sa inyo ng kapayapaan ng kaisipan upang malaman na sumusunod kami sa Batas na ito.

Pinapahintulot ng Batas ang para sa:

- Pagsasauli sa dati ng (mga) suso na dumaraan sa isang sinaklaw na mastectomy.
- Pag-opera at pagsasauli sa dati ng ibang suso upang ibalik ang pantay na itsura.
- Prosthesis at pagsaklaw para sa mga pisikal na problema na may kaugnayan sa lahat ng mga baitang ng isang sinaklaw na mastectomy, kasama ang lymphedema.

Lahat ng mga angkop na kondisyon ng benepisyong ay ilalapat, kasama ang anumang mga gastos na mula sa bulsa tulad ng mga maikakaltas o co-pay. Tawagan ang numero ng mga serbisyo sa miyembro sa likod ng inyong ID card para sa tulong.

Para sa higit pang impormasyon hinggil sa Women's Health and Cancer Rights Act, bisitahin ang website na pederal ng Kagawaran ng Paggawa sa: dol.gov/ebsa/publications/whcra.html.

Mga Reklamo

Narito kami para tumulong. Kung pakiramdam ninyong hindi napapanatiling ligtas ang inyong PHI, maaari kayong tumawag sa numero ng mga Serbisyo sa Miyembro sa likod ng inyong kard ng pagkakakilanlan. Maaari rin kayong tumawag sa Tanggapan ng Pagkapribado o ang Kagawaran ng Kalusugan at mga Serbisyo ng Pantao. Walang masamang mangyayari sa inyo kung magrereklamo kayo.

Centralized Case Management Operations
U.S. Department of Health and Human Services
200 Independence Avenue, S.W.
Room 509F HHH Bldg.
Washington, D.C. 20201
Telepono: (800) 368-1019
Email: OCRComplaint@hhs.gov

Epektibong Petsa:

Ang pinakabagong petsa ng rebisyon ng abisong ito ay noong Disyembre 31, 2017.

Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan

Kung mayroon kayong mga tanong o gusto ng karagdagang impormasyon hinggil sa aming mga alituntunin sa pagkapribado, maaari kayong tumawag o sumulat sa aming Tanggapan ng Pagkapribado sa:

Tanggapan ng Pagkapribado
12900 Park Plaza Dr., Suite 150
Mail Stop CA4600-6170
Cerritos, CA 90703
(562) 677-2402

Mahalaga na tratuhin namin kayo nang patas

Iyan ang dahilan kung bakit sinusunod namin ang mga batas pederal sa karapatang-sibil sa aming mga programa at gawain sa kalusugan. Hindi kami nagtatangi, nagbubukod ng mga tao, tinatrato silang naiiba dahil sa lahi, kulay, pambansang pinagmulan, kasarian, edad o kapansanan. Para sa mga taong

MMPNOPPAUG2017_TA
H6229_18_32887_I_TA

may kapansanan, inaalok namin ang libreng mga pantulong at serbisyo. Para sa mga tao na ang pangunahing wika ay maliban sa Ingles, nag-aalok kami ng mga serbisyo sa tulong sa wika. Nag-aalok kami ng mga serbisyo ng mga tagasalin at isinaling materyal. Para sa mga serbisyong ito tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro. Tawagan ang numero sa inyong ID card (TTY/TDD: 711). Kung sa tingin ninyo nabigo kaming ialok ang mga serbisyong ito o nagtangi dahil sa lahi, kulay, pambansang pinagmulan, edad, kapansanan, o kasarian, maaari kayong maghain ng reklamo. Tinatawag din itong isang karaingan. Maaari kayong maghain ng reklamo sa aming Compliance Coordinator nang nakasulat sa Compliance Coordinator, 12900 Park Plaza Drive, Suite 150, Mailstop 6150 Cerritos, CA 90703-9329. O maaari kayong maghain ng reklamo sa U.S. Department of Health and Human Services, Office for Civil Rights. Maaari ninyo itong ipadala sa 200 Independence Avenue, SW; Room 509F, HHH Building; Washington, D.C. 20201. Maaari ninyo ring tawagan sila sa 1-800-368-1019 (TDD: 1- 800-537-7697) o online sa <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf>. Mga form sa reklamo ay mayroon sa <http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html>.

It's important we treat you fairly

That's why we follow Federal civil rights laws in our health programs and activities. We don't discriminate, exclude people, or treat them differently on the basis of race, color, national origin, sex, age or disability. For people with disabilities, we offer free aids and services. For people whose primary language isn't English, we offer free language assistance services through interpreters and other written languages. Interested in these services? Call Customer Service for help 1-888-350-3447 (TTY: 711).

If you think we failed to offer these services or discriminated based on race, color, national origin, age, disability, or sex, you can file a complaint, also known as a grievance. You can file a complaint with our Compliance Coordinator in writing to Compliance Coordinator, 12900 Park Plaza Drive, Suite 150, Mailstop 6150 Cerritos, CA 90703-9329. Or you can file a complaint with the U.S. Department of Health and Human Services, Office for Civil Rights at 200 Independence Avenue, SW; Room 509F, HHH Building; Washington, D.C. 20201 or by calling 1-800-368-1019 (TTY: 1-800-537-7697) or online at <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf>. Complaint forms are available at <http://www.hhs.gov/civil-rights/for-individuals/section-1557/translated-resources>

Get help in your language

Separate from our language assistance program, we make documents available in alternate formats for members with visual impairments. If you need a copy of this document in an alternate format, please call the Customer Service 1-888-350-3447 (TTY: 711).

If you speak English, language assistance services, free of charge, are available to you. Call 1-888-350-3447 (TTY: 711), Monday through Friday from 8:00 a.m. to 8:00 p.m. The call is free.

Si habla español, tiene a su disposición servicios gratuitos de asistencia lingüística. Llame al 1-888-350-3447 (TTY: 711), de lunes a viernes de 8:00 a.m. a 8:00 p.m. Esta llamada es gratuita.

Spanish

如果您講中文，將可提供您免費的語言協助服務。請致電 1-888-350-3447 (TTY: 711)，週一至週五上午 8 點至下午 8 點。此為免費電話。

Chinese

Nếu quý vị nói tiếng Việt, chúng tôi có thể cung cấp các dịch vụ hỗ trợ ngôn ngữ miễn phí cho quý vị. Hãy gọi số 1-888-350-3447 (TTY: 711), thứ Hai đến thứ Sáu, từ 8 giờ sáng đến 8 giờ tối. Cuộc gọi này miễn phí.

Vietnamese

Kung nagsasalita ka ng Tagalog, maaari kang gumamit ng mga serbisyo ng tulong sa wika nang walang bayad. Tumawag sa 1-888-350-3447 (TTY: 711), Lunes hanggang Biyernes mula 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag.

Tagalog

한국어를 사용하시는 경우, 통역 서비스를 무료로 이용하실 수 있습니다. 1-888-350-3447 (TTY: 771) 월요일부터 금요일까지 오전 8 시에서 오후 8 시 사이에 통화 가능합니다. 통화는 무료입니다.

Korean

Եթե Ղուք խոսում եք հայերեն, սպաս լեզվական աջակցություն ծառայություններն անվճար մատչելի են Ձեզ: Զանգահարեք՝ 1-888-350-3447 (TTY: 711), երկուշաբթիից ուրբաթ՝ 08:00-20:00: Այս զանգն անվճար է:

Armenian

اگر به زبان فارسی گفتگو می کنید، خدمات زبانی بصورت رایگان به شما ارائه می شود. با شماره 1-888-350-3447 (TTY: 711) تماس بگیرید. از دوشنبه تا جمعه 8 صبح تا 8 شب. این تماس رایگان است.

Persian (Farsi)

Если вы говорите по-русски, вам доступны бесплатные услуги переводчика. Звоните по тел. 1-888-350-3447 (TTY: 711) с понедельника по пятницу с 08:00 до 20:00. Звонок бесплатный.

Russian

日本語を話される場合、無料の言語支援をご利用いただけます。月曜日から金曜日の午前8時から午後8時まで 1-888-350-3447 (TTY: 711)へ、お電話にてご連絡ください。通話料は無料です。

Japanese

إذا كنت تتحدث اللغة العربية، ستكون خدمات المساعدة اللغوية متوفرة لك مجانًا. اتصل على الرقم 1-888-350-3447 (TTY: 711) من الإثنين إلى الجمعة من الساعة 8:00 صباحًا وحتى الساعة 8:00 مساءً. تكون المكالمات مجانية.

Arabic

ਜੇ ਤੁਸੀਂ ਪੰਜਾਬੀ ਬੋਲਦੇ ਹੋ, ਤਾਂ ਭਾਸ਼ਾ ਸਹਾਇਤਾ ਸੇਵਾ ਤੁਹਾਡੇ ਲਈ ਮੁਫਤ ਉਪਲਬਧ ਹੈ। 1-888-350-3447 (TTY: 711) ਤੇ ਫੋਨ ਕਰੋ, ਸੋਮਵਾਰ ਤੋਂ ਸ਼ੁੱਕਰਵਾਰ ਸਵੇਰੇ 8 ਵਜੇ ਤੋਂ ਰਾਤ 8 ਵਜੇ ਤੱਕ। ਇਹ ਕਾਲ ਮੁਫਤ ਹੈ।

Punjabi

បើលោកអ្នកនិយាយភាសាខ្មែរ សេវាកម្មជំនួយផ្នែកភាសាមានផ្តល់ជូនលោកអ្នកដោយឥតគិតថ្លៃ។ សូមហៅទូរស័ព្ទមកលេខ 1-888-350-3447 (TTY: 711) ថ្ងៃចន្ទដល់ថ្ងៃសុក្រចាប់ពីម៉ោង 8:00 ព្រឹកដល់ម៉ោង 8:00 យប់។ ការហៅទូរស័ព្ទនេះគឺឥតគិតថ្លៃ។

Cambodian

Yog koj hais lus Hmoob, muaj kev pab txhais lus pub dawb rau koj. Hu rau 1-888-350-3447 (TTY: 711), Txij hnuv Monday txog hnuv Friday thaum 8:00 teev sawv ntxov txog 8:00 teev tsaus ntu. Tus xov tooj no yog hu dawb xwb.

Hmong

यदि आप हिंदी बोलते हैं तो आपके लिए मुफ्त में भाषा सहायता सेवाएं उपलब्ध हैं। सोमवार से शुक्रवार सुबह 8:00 बजे से शाम 8:00 तक, 1-888-350-3447 (TTY: 711) पर कॉल करें। यह कॉल मुफ्त है।

Hindi

ถ้าคุณพูดภาษาไทยคุณสามารถใช้บริการช่วยเหลือทางภาษาได้ฟรี โทร 1-888-350-3447 (TTY: 711), วันจันทร์ถึงวันศุกร์ เวลา 8:00 a.m. ถึง 8:00 p.m. โดยที่ไม่เสียค่าใช้จ่ายใดๆ

Thai

ຖ້າທ່ານເວົ້າພາສາລາວແມ່ນມີບໍລິການແປພາສາບໍ່ເສຍຄ່າໃຫ້ທ່ານ. ໂທຫາເບີ 1-888-350-3447 (TTY: 711), ວັນຈັນ ຫາ ວັນສຸກ 8:00 ໂມງເຊົ້າ ຫາ 8:00 ໂມງແລງ. ການໂທແມ່ນພຣີ.

Laotian